OCTOBER 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus





## TOURISM
| Page 2
*Fiesta ng Imus 2023: LaBANDnan ng musikang talento ng mga Imuseño

## ELDERLY FILIPINO WEEK
| Page 3
*2023 Elderly Filipino Week: Paghatid ng libreng serbisyo sa 4,000 senior citizens ng Imus LGU

## BUSINESS
| Page 4
*Kauna-unahang Imus City Business Conference para sa pag-ahon ng mga negosyo

## SPORTS
| Page 5
*Dunong at Lakas: Pagkilala sa mga atletang Imuseño

## COOPERATIVE WEEK
| Page 6
*Imus Cooperative Week 2023: Pagkakaisa ng mga kooperatiba
*Coop Unity Walk
*Gender Sensitivity and GAD-Related Laws seminar
*2023 Imus Galing Koop Awards and Recognition Day

## AWARDS AND RECOGNITION
| Page 7 & 8
* Pagtanggap at paggawad ng parangal ng iba't ibang departamento sa ating Pamahalaang Lungsod

# *Fiesta ng Imus 2023: LaBANDnan ng musikang talento ng mga Imuseño*


IMUS CITY PLAZA — Paglinang sa musikang talento ng mga Imuseño ang sentro ng pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa bisperas ng Kapistahan ni Nana Pilar nitong Oktubre 11, 2023.

Tampok ngayong taon sa programang "Fiesta ng Imus: Ating-Atin ito! Araw ng Laro, Kanta, Sayaw at Saya!" ang labanan ng pitong bandang Imuseño sa patimpalak na "laBANDnan sa Imus" na pinangunahan ng Imus City Tourism and Heritage Office.

Nagpasiklaban dito ang mga banda sa pagtatanghal ng sarili nilang rendisyon ng mga awiting Original Pilipino Music (OPM) at ng sariling komposisyon ng mga awiting patungkol sa Imus.

Sa pagbati ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, inilahad niya na bukod sa mga papremyo ay tutulungan din ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na malinang pa ang talento ng tatlong bandang magwawagi sa patimpalak.

Hinirang bilang kampeon ang bandang The Mars na nakatanggap ng tropeo at P60,000 mula sa lokal na pamahalaan at kay Mayor AA.



Itinanghal na Second Place ang Clinomania na nag-uwi ng P50,000 at Third Place ang Caskaseros na iniuwi ang P40,000. Ginawaran naman ang bandang Distrito na isinulat ang kantang "Kabataang Imuseño" ng Best Song Composition at P10,000.

Nakatanggap din ng consolation prize na P15,000 ang mga bandang Ojnab, Distrito, Seoula, at Kapitulo, kung saan ang P10,000 rito ay nagmula kay Mayor AA.

Ipinahayag din ng alkalde na bukas ang kaniyang tanggapan para suportahan at malinang ang talento ng mga Imuseño sa iba't ibang larangan.

Sa parehong araw, pinarangalan ng Plake ng Pagpapahalaga si Mayor AA ng Junior Chamber International Imus Haligue bilang pasasalamat sa suportang ipinagkaloob niya sa ika-43 Karakol ng Imus.

Nakisaya rin sa pagdiriwang sina Board Member Ony Cantimbuhan, Vice Mayor Homer T. Saquilayan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Bilang taunang debosyon, nakilahok din si Mayor AAat BM Ony sa pagbubuhat ng andas ni Nuestra Señora del Pilar.

Tuwing Oktubre 11 at 12 ay ginugunita ng mga debotong Imuseño ang Kapistahan ni Nuestra Señora del Pilar o Nana Pilar — patrona ng Diyosesis ng Imus — sa pamamagitan ng pakikilahok sa karakol at sa banal na misa. Bahagi rin ito ng kanilang pananampalataya at pasasalamat sa mga biyayang kanilang natatanggap.




## 2023 Elderly Filipino Week: Paghatid ng libreng serbisyo sa 4,000 senior citizens ng Imus LGU

IMUS, Cavite — Sa pangunguna ng Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA), nahatiran ng libreng serbisyo ang 4,050 lolo at lola noong Oktubre 2 – 6, 2023 bilang bahagi ng pagdiriwang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa 2023 Elderly Filipino Week na may temang “Honoring the Invaluable Legacy of Filipino Senior Citizens.”



Nabigyan dito ng libreng gupit, manicure, at flu vaccines ang mga lolo at lolang kasapi sa 140 senior citizens associations sa lungsod.

Katuwang din sa naturang selebrasyon ang mga tanggapan nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula, Vice Mayor Homer T. Saquilayan at Konsehal Yen Saquilayan, Imus City Health Office, at Imus Senior Citizens Association Inc.

Ang Elderly Filipino Week o Linggo ng Katandaang Pilipino ay taunang ipinagdiriwang tuwing unang linggo ng Oktubre. Batay ito sa Proklamasyon Blg. 470, taong 1994, na layong mabigyang-pansin ang mga pangangailangan ng senior citizens sa bansa.

Sa pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, patuloy itong maghahatid ng mga serbisyo at programang nakasentro sa kapakanan ng mga Imuseñong lolo at lola.

# Kauna-unahang Imus City Business Conference para sa pag-ahon ng mga negosyo

IMUS City Government Center — Matagumpay na nagtapos ang kauna-unahang Imus City Business Conference na pinamagatang "AAhon ang Negosyo: Thriving in the Midst of Distress" nitong Oktubre 17, 2023 sa pangunguna ng City of Imus Local Economic Development and Investment Promotions Office (LEDIPO) ni Ms. Jhett Vilbar-Lungcay..

Sa pagbati ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa humigit-kumulang 288 negosyante, inihayag niya ang kahandaang umalalay at sumuporta sa mga negosyante sa lungsod.

"Gusto ko pong maalalayan, masuportahan ang mga negosyante, maliit man o malaki sa Lungsod ng Imus [dahil] alam ko po na lahat ay may pinagdaraanan," ani Mayor AA.

Inihalintulad din ng alkalde ang pagnenegosyo sa pag-aalaga ng halaman bilang isang negosyante.
"Dedication lang, inaalagaan natin na parang halaman ang ating negosyo—binabantayan natin, binibigyan natin ng incentives ang mga tao natin, at higit sa lahat, lagi tayong nagdarasal na sana pagpalain tayo para marami tayong matulungan," dagdag pa niya.

Nagbahagi naman ang isang negosyante, may-akda, at motivational speaker na si Mr. Jayson Lo ng kaniyang mga kaalaman patungkol sa sektor ng pagnenegosyo. Nagbigay-inspirasyon din si Mr. Lo sa mga nakilahok upang lumakas pa ang kanilang mga loob, at patuloy na magsumikap na palaguin ang kanilang mga negosyo at pagyamanin ang kanilang mga buhay.

Kasabay nito, pinagtibay din ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng P.J. Lhuillier Group of Companies, inirepresenta nina Senior Vice President Anette Tirol at Consultant CJ Fidelino, ang isang kasunduan sa pamamagitan ng Memorandum of Agreement signing. Layon ng samahang ito na matulungan pa ang mga negosyante sa Imus.

Ipinalabas din ang video presentations na nagtatalakay sa pinatutunguhan ng buwis na ibinabayad ng mga Imuseño at mga hakbang na isasagawa ng mga tanggapan ng Imus hinggil sa mga hinaing ng mga negosyante.

Ang Imus City Business Conference "AAhon ang Negosyo: Thriving in the Midst of Distress" ang kauna-unahang business conference ng LEDIPO. Layunin nitong mas makilala ng mga negosyante sa Imus ang isa't isa, gayundin ang Pamahalaang Lungsod ng Imus para mabigyan ang kanilang mga negosyo ng kaukulang suporta.



# Dunong at Lakas: Pagkilala sa mga atletang Imuseño



IMUS City Government Center — Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pagkilala sa 132 kabataang atletang Imuseño at kanilang mga coach sa pagdaos ng Dunong at Lakas Awarding Ceremony noong Oktubre 9, 2023.



Isa ito sa mga paraan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus upang kilalanin ang husay ng mga atletang Imuseñong nag-uwi ng mga parangal sa kanilang paglahok sa 2023 Regional Athletic Association Meet na ginanap noong Marso 24 – Abril 16 at sa 2023 Palarong Pambansa na ginanap naman noong Hulyo 29 – Agosto 5.



Pinatunayan ng mga kabataang Imuseñong kayang-kaya nilang makipagtagisan sa larangan ng athletics, swimming, football, chess, taekwondo, tennis, volleyball, at maging sa kategoryang special education ng athletics at ng swimming.

Kasama rin sa mga nagbiga-pagbati sa mga atleta ang Sangguniang Panlungsod ng Imus sa pangunguna ni Vice Mayor Homer T. Saquilayan at ang Imus City Sports Development Unit.



Ang Regional Athletic Association Meet ay taunang idinaraos sa buong CALABARZON upang makapili ng mga atletang sasabak sa taunang paligsahan na Palarong Pambansa ng Department of Education.

# IMUS COOPERATIVE WEEK 2023

IMUS, Cavite — Ipinagdiwang ng City of Imus Cooperative, Livelihood & Entrepreneurial and Enterprise Development Office (CICLEDO) ang Imus Cooperative Week 2023, kasabay ng National Cooperative Month ngayong Oktubre, mula nitong Oktubre 16–20, 2023.



***COOP Unity Walk***

Katuwang ang iMUST Cooperative Federation at ang City of Imus Cooperative Development Council, inumpisahan ang Coop Week sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kauna-unahang Coop Unity Walk: Solidarity in Diversity noong Oktubre 16 sa City of Imus Grandstand and Track Oval. Nakasama rito ang mahigit 70 opisyal ng 40 pangunahing kooperatiba sa Imus.

Pinangunahan ng panauhing tagapagsalita na si Cecilia Lorenzana ang pagdaraos ng dalawang araw na Gender Sensitivity and Gender and Development (GAD)-Related Laws seminar nitong Oktubre 18 at 19 sa Cooperative and Livelihood Training Center (CLTC).

Tinalakay rito ang mga usapin patungkol sa pagkakaroon ng sapat na sensitibidad sa iba-ibang kasarian at ang pag-iwas sa paggamit ng sexism language, o diskriminasyon sa seksuwal na oryentasyon at kasarian.

Napag-usapan din ang mga batas na nagsusulong sa pantay-pantay na karapatan, anuman ang kasarian ng isang tao. Ilan sa mga ito ay ang Magna Carta of Women o Republic Act (RA) No. 9710, Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004 o RA 9262, at Anti-Sexual Harassment Act of 1995 o RA 7877.




***Gender Sensitivity and GAD-Related Laws Seminar***

## *2023 Imus Galing KOOP Awards and Recognition Day*

Sa pagtatapos ng mga serye ng pagdiriwang, kinilala ng CICLEDO ang 23 pangunahing kooperatibang malaki ang naging kontribusyon sa pag-unlad ng ekonomiya sa Imus sa ginanap na 2023 Imus Galing Koop Awards and Recognition Day nitong Oktubre 20 sa CLTC.

Kabilang sa mga natatanging kooperatiba ang Imus Vendors Development Cooperative na pinarangalan ng Hall of Fame at Most Number of Members.

Nakatanggap ng pinakamaraming pagkilala ang Anabu Development Cooperative na nag-uwi ng apat na parangal, kasama na ang Guardian Cooperative with Most Increase in Eskwela Kooperatiba Members.

Nag-uwi ng tatlong parangal ang Damayan sa Cavite Community Multipurpose Cooperative (MPC) at EMI Employees Development Cooperative, habang pinagkalooban ng dalawang parangal ang Lancaster New City Community Credit Cooperative.

Dinaluhan din ito nina Provincial Cooperatives Development Officer Atty. Khervy Reyes, City Vice Mayor Homer T. Saquilayan, mga konsehal, at ni City Administrator Tito Monzon.

Taon-taon, ginugunita sa Lungsod ng Imus ang National Cooperative Month tuwing Oktubre, batay sa Proclamation No. 493, taong 2003, habang ginugunita naman ang Imus Cooperative Week tuwing ikatlong linggo ng Oktubre, alinsunod sa City Ordinance No. 03-95, taong 2017.

# Pagkilala sa Imus bilang Functional Peace and Order Council ng DILG IV-A

IMUS, Cavite — Sa isinagawang Peace and Order Functionality Audit 2022 ng Department of the Interior and Local Government (DILG) IV-A, isa ang Peace and Order Council (POC) ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga kinilala bilang Functional POC para sa taong 2022 ayon sa inilabas na anunsyo ng kagawaran noong Oktubre 6, 2023.

Patunay ito sa dedikasyon ng Pamahalaang Lungsod na maipatupad ang mga batas at patakaran para sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa Imus – isa sa mahahalagang aspetong tinitingnan para makatanggap ng Seal of Good Local Governance mula sa DILG.

# Imus, finalist sa Most Business-Friendly LGU Awards ng PCCI

IMUS, Cavite — Iginawad kay City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang Special Recognition certificate nitong Oktubre 9, 2023 matapos maging Finalist (City Level 2 Category) ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa 2023 Most Business-Friendly Local Government Unit (LGU) Awards ng Philippine Chamber of Commerce Industry (PCCI).

Pinangunahan ng Local Economic Development and Investment Promotions Office (LEDIPO) ang mga hakbang upang mapabilang ang Imus sa mga finalist. Matatandaang nirepresenta ni Officer-in-charge Jhett Vilbar-Lungcay ang lokal na pamahalaan noong Setyembre 27 sa final judging at online panel interview ng naturang organisasyon.

Binibigyang-pagkilala ng Most Business-Friendly LGU Awards ng PCCI ang mga LGU na nagpapakita ng mga natatanging inisyatiba upang matulungang lumago ang mga negosyo tungo sa pag-unlad ng ekonomiya.



# OCTOBER 2023 ISSUE

PASAY City — Sa pangunguna ng Office of the Senior Citizens Affairs, isa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga kinilalang local government unit ng National Commission of Senior Citizens (NCSC) sa idinaos nitong Filipino Elderly Week Culminating Ceremony noong Oktubre 5, 2023.

Pinarangalan din ng Plaque of Recognition si City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ang Imus Senior Citizens Association Inc. (IMUSCAI).

Patuloy ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagbibigay ng mga serbisyo at programa para kina lolo at lola.




## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman

IMUS CIO
CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite



LOS BAÑOS, Laguna — Hinirang bilang First Place 2023 Children's Librarian of the Year Award (Public Library Category) si Imus City Public Librarian Rosena V. Roman sa ginanap na 11th Conference on Children and Young Adult Librarianship ng National Library of the Philippines nitong Oktubre 11, 2023.

Kinikilala nito ang namumukod-tanging kontribusyon ni City Librarian Roman para sa paglinang ng edukasyon at kaalaman ng mga bata at kabataan.

Nakasuporta naman ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga serbisyo at programa ng Imus City Public Library.